# MANIACAL

## *Isang Dulang Ganap ang Haba*

### *SYNOPSIS*

Ang buong dula’y magaganap sa loob ng isang rehearsal ng isang kumpanya para sa produksyon nila ng adaptasyon ng “Le Femmes Savante” o “The Learned Ladies” ni Moliere, isang komedya na tungkol sa kapretensyosohan ng mga intellektwal at mga nasa alta-sosyedad. Nagdadalawang isip si Rita, ang aktres na gaganap bilang Henriette, kung itutuloy nila ni Andre, ang aktor na gaganap bilang Clitandre, ang kanilang partisipasyon sa produksyon matapos matanggap sa auditions para sa local production ng isang Broadway Musical.

Bagama’t hindi pa ganap ang kanilang pasya, ikakagalit ito ni Philippa, ang bidang aktres at co-producer ng dula, bunsod ng sulsol nina Mandy at Elise, dalawa pang aktres na kasali sa produksyon. Ang mga pagtatalong ito kasabay ng pagnanasa ni Philippa na gawing bida si Tristan, isang film actor na hindi marunong umarte, ang ikasasakit ng ulo ni Chris, ang director.

Sa gitna ng mga kaartehan ng mga aktor sa produksyon na gustong sumubok sa iba’t ibang acting techniques, ang desisyon nina Andre at Rita ang magtatakda kung matutuloy o hindi ang produksyon na ito ng “The Learned Ladies”.

# MANIACAL

## *Isang Dulang Ganap ang Haba*

### *MGA TAUHAN*

**PHILIPPA**, late 30's, early 40's, a renowned actress

**ELISE**, mid 20's to mid 30's, a delusional actress

**MANDY**, mid 20's, early 30's, a bitter actress

**TRISTAN**, mid to late-20's, a film actor

**RITA**, mid to late 20's, an upcoming actress

**CHRIS**, mid to late 30's, the director

**ANDRE**, late 20's, an upcoming actor

**ARIES** (the Stage Manager) na gaganap din bilang **MARTIN** (ang ASM), **BUDDY** (ang PA ni Tristan), at VLAD, and production manager.

### *TAGPUAN*

Isang Rehearsal Hall. May mga monoblock chairs. Sa bandang likuran ay may mahabang salamin na karaniwang nakikita sa isang rehearsal hall. Sa bandang kaliwa ay may table kung saan may mga nakapatong na script at iba pang gamit para sa rehearsal, mesa ito ng director.

## *UNANG YUGTO*

*Nasa entablado na si Rita habang dumarating pa lang ang mga manonood. Mag-isa itong nagwawarm-up. Naghihintay ng iba pa niyang mga kasamahan sa dula.*

*Magdidilim ang liwanag sa manonood at maiiwan ang "rehearsal lights".*

*Darating si Mandy. Iirapan nito si Rita. Lalapitan siya ni Rita para kausapin. Lalayo si Mandy. Lalapit pa rin si Rita.*

RITA:

Mandy.

MANDY:

What! You're quitting the play? Are you serious? Why? I can't even imagine how you can quit the play, of even thinking of quitting. Really?

RITA:

I'm considering it. Ano ba?

MANDY:

Considering? To even consider it. I'm so disappointed in you. To give up doing this play? To give up performing a play by Moliere. It's a classical play! Classical!

RITA:

Adaptation lang naman.

MANDY:

Kahit na. And you’re playing Henriette, the ingénue, the lead role. I really don’t understand how you can even… I’m so disappointed in you.

RITA:

I have problems sa schedule kasi.

MANDY:

Schedule? Is that the real reason? Or because you got a call back sa audition mo in a second-rate Broadway-broadwayan musical? I know.

RITA:

Nag-audition ka din naman dun, a.

MANDY:

Out of curiosity lang. I didn’t think you would take it seriously given that we are doing Moliere’s The Learned Ladies. Kapag nalaman iyan ni Sir Chris. You’ll never hear the end of it. Or worse, from Miss Philippa.

RITA:

I know. I'd rather do a production that I will enjoy doing.

MANDY:

Enjoy? What do you think of theater? That's entertainment lang? Rita, you should know better na ang theater is more than just entertainment.

RITA:

Theater din naman ang Broadway production.

MANDY:

My God, Rita, don't you know the difference between commercial theater and the true theater?

RITA:

Ewan. Theater is theater.

MANDY:

My God! What kind of attitude is that? Are you not an artist? A true theater artist? What a poor part you act in the world if you allow your art to be commercialized and to not see how the soul can never be stirred by kick ball change kick ball change 1-2 1-2 jazz hands all the while smiling widely na kita na pati ngala-ngala pero all empty inside. Walang depth. Hayaan mo na iyang mga ganyang productions sa mga galing sa pa-

sosyal na student theater companies. Raise your craft to more exalted productions, endeavor to cultivate a taste for a much nobler piece of theater. And we're working with Ms. Philippa. Siya dapa't ang example mo. Highly-respected sa theater and sa film. She has never done anything that will compromise her craft, her art.

RITA:

Di ba may soap siya?

MANDY:

Oo, pero highly-acclaimed naman lagi ang kanyang mga performances doon. Kailangan din niya ng income.

RITA:

Ako rin kailangan kong kumita.

MANDY:

Pero in that production na kokopyahin lang naman ultimo pitik ng daliri kasi napanood ng director sa bootleg copy na dinownload niya sa pirate bay.

RITA:

Actually, meron naman ng DVD. Hindi na kailangan ng bootleg.

MANDY:

The point is nag-Stella Adler ka di ba? Sasayangin mo lang iyong binayad mo dun to do a local production ng isang copy ng isang Broadway musical flop.

RITA:

Nag RADA musical theater din naman ako.

MANDY:

Ms. Philippa only does original musicals. Iyong siya ang nag-originate ng role. Gusto nga niyang gawin ang Kung Paano Ako Naging Leading Lady kaso pinili nila si Menchu. Tapos inalok sa kaniya ang Rak of Aegis para sa pang-sampung rerun nito kaso ayaw niya na pangalawa lang siya kay Isay. Gusto niya siya ang original That's what you should aspire for.

RITA:

Gusto ko rin naman 'yun but I have to start somewhere.

MANDY:

By giving up on a production of Moliere.

RITA:

Adaptation lang naman.

MANDY:

Which is so much better because there's an act of appropriation that makes it more original and true. Ay, ewan ko sa iyo. Bahala ka. I suppose nakuha din sa production na iyan si Andre kaya magki-quit na din siya dito.

RITA:

Siguro.

MANDY:

I actually don't understand kung bakit siya na-cast dito. Siya ang dapa't nag-stick na lang sa mga wannabe Broadway shows.

RITA:

Uy, magaling naman siya doon sa Boy in the Bathroom.

MANDY:

My God! What happened to your taste? You call that acting. Like I said, kung hindi kick ball change –

RITA:

Pwede huwag mo nang ulitin 'yan?

MANDY:

What I'm trying to say, ang tanging acting sa mga ganyan is either they are smiling to high heavens or kung dramatic, nanggagalaiti ang leeg, nandidilat ang mga mata na pakiramdam nila sila si Ana Abad Santos.

RITA:

Hindi nag-mumusical si Anna. Anyway, critically acclaimed yung production na 'yun a.

MANDY:

Sino'ng critics? Mga bloggers na gaya ni Katrina Stuart na konting magpaka-intense on stage, bravura na agad ang performance. Hindi nila nakikita that there's no depth, no pain, no real feeling being shown but simply an energetic approximation of true human emotions to elicit a reaction from the audience.

RITA:

But isn't that the point of theater? To elicit a reaction from the audience?

MANDY: *(Iiyak na punong puno ng pighati)*

Only of it's real. Only if it's so true that they not only feel, they also think. If the reaction changes them!

RITA:

Okay ka lang?

MANDY:

No. I’m just having all these feelings. Alam mo kasi, I’m an actress, I’m a dancer, I also do hosting jobs and I sell red bowl and load kaya my emotions are all on the surface. Alam mo ‘yun.

RITA:

Ok.

MANDY:

O, andyan na si Andre. Mga quitters.

RITA:

Hindi pa nga sure. I’m thinking about it.

MANDY:

Magki-quit iyan. I’m sure of it.

RITA:

Bakit mo naman nasabi?

MANDY:

Because I’m part of the production.

RITA:

So?

MANDY:

Alam ko naman na the only reason kaya siya sumali sa production na ito is because…. Because… he still has feelings for me and wants a closure mula noong… mula noong… Did you know na we went to the same school noong elementary.

RITA:

Alam ko.

MANDY:

Iyon ‘yun. We started in theater together. Grade two. Sa production ng class namin ng Miss Saigon. I was Kim. He was Chris.

RITA:

Grade two? Miss Saigon talaga?

MANDY:

Yes. I remember it like it was yesterday.

RITA:

So, nag-broadway broadway ka din pala.

MANDY:

That's the first and only time. After that ayoko na and I think kaya those kinds of production ang pinursue ni Andre. He's trying to look for me and dahil hindi niya ako mahanap, sumali siya sa production na ito knowing na magkakasama kami. Kaya hindi ko siya pinapansin and I suppose iyon din ang dahilan kaya siya talaga magki-quit. He should realize, he can never be my Chris, I can never be his Kim.

RITA:

Wow.

MANDY:

I know.

RITA:

Deretchuhin mo na lang kaya siyang tanungin. Ayan na siya o.

*Darating si Andre.*

MANDY:

I heard you're quitting daw this production.

ANDRE:

Ha?

MANDY:

I think it’s for the best. It’s been years.

ANDRE:

Wait. Hindi ko maintindihan. Bakit ako magki-quit?

MANDY:

O Andre! I will not force upon you the hardship of an explanation. I have too much respect for my co-actors and know how perplexing it is to be truly honest, to truly speak the truth in front of them. I realize now the reason you do those musicals. It can never be.

ANDRE:

Unang una, I do those musicals because I love doing it. It’s fun. And I guess alam mo na that we got in sa callbacks pero hindi pa naman sure iyon. Plus, hindi naman sagasa talaga kasi mga two or three rehearsals lang naman ang patong with this production. Kaya iyon ang good news, Rita. We can do both.

RITA:

Talaga? Yes! Pero sana makapasa tayo. Exciting!

ANDRE:

Pero teka, ano'ng ibig mong sabihin it can never be, Mandy? Do you think may something ba ako para sa iyo?

MANDY:

Ha? Sino'ng nagsabi sa iyo? Ako pa. I was just telling Rita na we were school mates. Na we did Miss Saigon noong grade two tayo.

ANDRE:

Oo nga. Tanda ko yun. Nakakatawa iyon. That was so awful. Gusto ko nang kalimutan iyon.

MANDY:

I always remember it.

ANDRE:

Tanda ko doon sa part ng Sun and Moon, gusto mo ko i-lips to lips. Nagulat ako kaya nasapak kita. Sorry ha. God, that was an awful show.

RITA:

Grade two? Talaga? Grade two.

ANDRE:

Nakakatawa di ba? Hindi ko na nga matandaan ang pangalan nung teacher naming who forced us to do that e.

MANDY:

Miss Gigi Schueblig.

ANDRE:

Tama! Husband niya nga pala german.

MANDY:

Excuse me, mag-memorize na lang muna ako ng lines ko.

*Lalayo si Mandy kina Andre at Rita.*

ANDRE:

Ano’ng problema nu’n?

RITA:

Napahiya mo e.

ANDRE:

Ano’ng ginawa ko?

RITA:

Mukhang di pa niya maget over na nasapak mo siya noong grade two kayo.

MANDY:

Lumayo kaya kayo? Nariririnig ko kayo.

*Lilipat ng puwesto sina Andre at Rita.*

ANDRE:

E ginulat ako, e. Teka, sinabi mo na ba kay Sir Chris iyong conflict natin para sa callback.

RITA:

Hindi pa nga e. Kagabi lang naman sila nag-text.

ANDRE:

Gusto mo ako magsabi.

RITA:

Feeling ko ok lang naman kay Sir Chris. Ang kailangan mong kausapin si Miss Philippa. Mainit ang dugo nu'n sa iyo. Iyon ang hihirit ng hihirit kapag nalaman niya na mag-absent tayo sa rehearsals. At kapag humirit iyon, saka iinit ang ulo ni Sir Chris sa atin.

ANDRE:

Oo nga, e. Hindi ko rin kasi maintindihan kung bakit ganu'n si Miss Philippa. Ok, sige magaling siya. Pero naman, bakit kailangan laging i-compare iyong mga scene choices ko sa ginagawa ni Tristan. Hindi ko talaga maintindihan kung bakit gusting gusto nila si Tristan e ni hindi ko marinig ang boses niya. Mag-indie na lang siya.

RITA:

Hindi lahat gusto siya, ano? Ang hirap kayang ka-eksena. Lahat na lang ng lines pabulong at saka parang walang kausap.

ANDRE:

Exactly. I don't care kung nagka-award na siya o mahal siya lahat ng critics at mga bloggers dahil sa film niya na dinala sa Cannes. Mag-film na lang siya. Huwag na siyang mag-theater.

RITA:

E kasi nga, may celebrity factor. Alam mo naman iyong producers nito, kailangan daw ng hatak sa audience. Kahit saan namang company, ganun. Lalo pa kung hindi English play ang ginagawa natin.

ANDRE:

Tigilan ako. That’s not true. Ang sa akin lang, kung magte-theater ka, wag mong bitbitin iyong mga ugali mo na celebrity ka. May kasama pa laging PA. Shooting lang? Tapos nakadepende ang schedule natin sa kaniya dahil sa mga taping niya. Ano ba ‘yun? At hello, ang hilig magpara-phrase. Tatlo lang ba brain cells niya?

RITA:

Kung magsalita ‘to o.

ANDRE:

Siguro may gusto ka rin sa kaniya. Lalo na siguro kung maghuhubad iyon sa play na ito. Kaya lang siguro pinuri siya ng husto ng mga critics kasi naghubad. Maghubad ka din sa indie film, magaling ka ng actor. Ano nga iyong mga terms? Daring, emotionally raw performance, intensely captivating. Ang deep.

RITA:

Bitter?

ANDRE:

Hindi a. Iyang parating ang bitter.

*Darating si Elise.*

RITA:

Gago ka. Ang boses mo, pag narinig ka ni Elise. Bahala ka. Mag-practice ka sa kaniya ng pagsipsip kay Miss Philippa. Tutal feeling niya magka-level sila nun. Labas muna ko. Kailangan ko mag-yosi.

*Aalis si Rita.*

ANDRE:

Hi Elise.

ELISE:

Miss.

ANDRE:

Ha?

ELISE:

Miss Elise.

ANDRE:

Ok. Gusto mong mag-throw lines?

ELISE:

Ah! Hinay hinay lang. Magingat ka sa pagbubukas ng iyong puso sa akin bagama't sinama kita sa aking listahan ng mga mangingibig. Huwag kang magsasalita! Huwag! Hayaan mo na tanging iyong mga mata ang magwika ng iyong saloobin. Huwag mong ipaliwanag ang iyong mga pagnanasa sa akin na tinuturing kong isang malaking pagalipusta sa aking pagkatao. Mahalin mo ako, pagnasahan mo ako, maginit ka sa aking kariktan nguni't huwag… huwag na huwag mo itong ipaalam sa akin. Kakayanin ko na maging bulag sa iyong lihim na pagmamahal kung mananatili kang pipi. Subali't kung hahayaan mo ang iyong mga bibig na bigkasin ang iyong damdamin, habang… habang… putangina, line!

ANDRE:

Habang buhay kitang tatalikdan.

ELISE:

Thank you. Alam mo Andre, nababasa kita. Alam ko ang ginagawa mo. Pero sasabihin ko na sa iyo ngayon pa lang na wala kang maasahan sa akin.

ANDRE:

Ha? Niyaya lang naman kita mag-throw lines.

ELISE:

Ang galing. Throw lines throw lines. Sanay na ako sa ganiyan. I understand that sometimes we get carried away by the roles we play. Reading pa lang na-notice ko na sa mga tingin mo sa akin.

ANDRE:

Elise, wala akong –

ELISE:

Miss.

ANDRE:

Miss Elise –

ELISE:

Let’s keep it professional. We’re all professionals here, right. We’re all doing this for the art of theater.

ANDRE:

To be honest, ako at saka si Rita kasi –

ELISE:

I know. Ginagamit mo pa si Rita to get close to me. Andre, you have to understand that I don't have feelings for you other than on a professional level. I am married to my craft. Acting is the only thing that excites me. I'm so sorry. Pero di ba it's better to be honest? What are we in theater for but to portray the truth? Do you agree?

ANDRE:

Ok. Excuse me. Mag-yosi na lang rin muna ako.

ELISE:

Yes! Go! Go! But use those feelings, those emotions to bring out the character you are playing. Hanggang sa entablado lang ang mga damdamin na iyan. Okay? Go! You'll be alright. Pain is good for an actor. We'll be together. On the stage. Hanggang doon lang.

*Aalis si Andre. Masasalubong si Chris at Aries. Bubulungan ni Andre si Aries.*

ARIES:

Oo na. Sasabihin ko. Nakuha ko na iyong text mo. Ok na.

CHRIS:

Sino pa'ng wala?

ARIES:

Si Tristan na lang sir at saka si Miss Philippa.

CHRIS:

Maaga pa naman, ano?

ARIES:

Yes po. Sir, gustong magpaalam ni Andre at ni Rita. May callback daw kasi sila sa ibang production. Iyong bagong musical ng Athenian Rep.

CHRIS:

Kailan?

ARIES:

Next week.

CHRIS:

Okay. Hindi pa naman tech week. Basta pag-tech week na, hindi na pwede sabihin mo sa kanilang lahat.

ARIES:

Yes po.

ELISE:

That’s not true. Hindi niyo alam ang totoong kuwento.

ARIES:

Miss Elise?

ELISE:

Hindi lang masabi ni Andre ang totong dahilan kung bakit siya magki-quit sa production na ito.

CHRIS:

Magki-quit?

ARIES:

Hindi naman po magkiki-quit. May callbacks lang. Mag-absent lang po sila sa isang rehearsals.

ELISE:

Ginagawa lang niyang dahilan iyon. He just can’t say it straightforwardly that he’s quitting.

CHRIS:

So, ano’ng dahilan talaga?

ELISE:

In love kasi siya.

CHRIS:

Kay Rita?

ELISE:

Of course not. Rita is like a front lang.

CHRIS:

So kanino siya in-love?

ELISE:

Isn’t it obvious? Me.

CHRIS:

Sa iyo?

ELISE:

Myself.

ARIES:

Talaga?

ELISE:

Ano’ng ibig mong sabihin talaga? Imposible ba? Reading pa lang, No! Auditions pa lang ramdam ko na how he looks at me. Ayoko ngang pansinin. Come to think of it, feeling ko kaya siya nag-audition ditto para makasama ako. Gusto ko ngang sabihin sa iyo Chris nung nag-taumbayan tayo na huwag mong kunin. Remember? You asked me what I think of him. Noon pa lang alam ko na.

CHRIS:

Sinabi niya sa iyo na may gusto siya sa iyo?

ELISE:

Hindi na kailangang sabihin. You know me, Chris? I am so good at reading people. That’s why I’m such a good actress, di ba? I don’t know why pero every production na lang. Someone quits because they fall in love with me. Si Neil, si Lex, si Paolo, si Jay –

ARIES:

Hindi ba bakla ‘yun?

ELISE:

Because of me. Noong hindi niya ako napa-oo, naisip niya na it’s better to be gay.

CHRIS:

Memorized mo na ba mga linya mo?

ELISE:

Kaunti na lang.

CHRIS:

Alam mo mas mabuti yata kung mag-memorize ka na lang kesa sa kung anu-anong pantasya ang iniisip mo.

ELISE:

Pantasya? I'm telling you the truth. If he quits, don't say I didn't warn you. I do hope he doesn't quit. Sayang naman. He's really good kahit mas sanay siya sa mga musicals.

CHRIS:

Mag-memorize ka na.

ELISE:

I will. I am professional.

*Lalayo si Elise para mag-memorize. Tatabihan si Mandy sa puwesto nito.*

CHRIS:

Tumigil ba ‘yun sa gamot niya?

ARIES:

Parang hindi, sir. So, ok na po sina Andre at Rita na mag-absent?

CHRIS:

Oo na nga. Basta huwag lang sa tech week. Ayusin mo na lang iyong sched para ang gawin nating mga scenes iyong hindi sila kasama.

ARIES:

Pero si Miss Philippa po? Ok lang po kaya sa kaniya.

CHRIS:

Bakit? Siya ba ang director.

ARIES:

Well, alam niyo naman po si Miss Philippa. At saka, hindi ba isa siya sa mga producer nito?

CHRIS:

Nag-decide na ako kaya ok na iyon. Ako na ang bahala kay Philippa.

ARIES:

Ok po. Check ko lang po iyong supplies.

*Aalis si Aries. Mabilis na magpapalit ng damit at babalik bilang Martin.*

MARTIN:

Ang sama ng ugali! Leche! Kung di lang dapat gumalang sa matanda.

CHRIS:

Ano’ng problema, Martin?

MARTIN:

Wala po, sir. Nandiyan na pala kayo.

CHRIS:

Ano’ng wala? Bakit parang ngitngit na ngitngit ka?

MARTIN:

Fired na ba ko, sir? Pang-anim na po akong ASM. Fired na po ba ako?

CHRIS:

Fired? Sino’ng nag-fire sa iyo?

*Darating si Philippa. Babatuhin ng kung anu-anong gamit si Martin.*

PHILIPPA:

Ako! Lumayas ka dito! Layas! Layas sabi! Ayoko kitang makita! Layaaaaaaas!!!!

CHRIS:

Sandali! Ano ba'ng problema?

PHILIPPA:

Kinakampihan mo pa iyang ipis na iyan?

CHRIS:

Ano'ng kampi kampi? Tinatanong ko lang kung ano ang problema?

PHILIPPA:

Sa tingin mo, ipa-fire ko ba siya ng walang dahilan?

CHRIS:

Wala akong sinabing ganun.

PHILIPPA:

Dapa't siyang lumayas ngayon din.

CHRIS:

Kung iyon ang gusto mo. Wala namang kumokontra sa iyo.

PHILIPPA:

I can’t work in an atmosphere that is so full of negativity. How can I act? I can’t bear to have anyone disagree with me.

CHRIS:

Walang nagdidisagree sa iyo.

PHILIPPA:

At bilang director ko, kakampihan mo dapa’t ang actors mo, hindi ang mga ipis na production staff na iyan!!!

CHRIS:

Oo na. *(Kay Martin)* O, fired ka na nga. Tama siya. Hindi ka mapapatawad sa ginawa mo.

MARTIN:

Ano ba’ng ginawa ko?

CHRIS:

Hindi ko alam.

PHILIPPA:

And you can even look at me now as if it's nothing?! I'm sorry. Hindi mo maiintindihan yun dahil English. At kaya mo pa akong tingnan ng deretsuhan na parang wala lang?!

CHRIS:

Bakit ka ba nagagalit sa kaniya? Hindi ka ba siya nakipag-line throwing sa iyo? Mali ba iyong nabigay niyang props? May sinabi ba siya laban sa iyo?

PHILIPPA:

What do you think of me? I will not fire him for those petty reasons. I'm not like that. I'm so friendly with the production staff and I won't flare up by those mababaw na reasons.

CHRIS:

So, what? What's the reason?

PHILIPPA:

Do you think I'm unreasonable? Do you really think I'm a diva? You know I'm not. Kilala mo ako.

CHRIS:

Hindi ka ba niya inabutan ng kape pagdating mo.

PHILIPPA:

My God! Chris! That’s so trivial a reason for me to be this angry.

CHRIS:

Nagsinungaling ba siya iyo? Sinagot ka ba niya ng pabalang?

PHILIPPA:

Worse.

CHRIS:

Worse?

PHILIPPA:

Hindi niya kilala si Moliere.

MARTIN:

Alam ko naman po na siya ang sumulat ng original nung ginagawa nating adaptation.

PHILIPPA:

Oo pero hindi mo alam na patay na siya!

MARTIN:

Nag-condolence naman po ako, a.

PHILIPPA:

I can’t work with stupid people! And to ask me when daw aattend ng rehearsals si sir Moliere. My God!

CHRIS:

Patawarin mo na. Bago pa lang sa teatro.

PHILIPPA:

Patawarin? Chris! That is so unpardonable in theater. To not study the play you are doing? To not at least know theater history? What have we come to? My God!

ELISE:

I know. It is such a pity. These kids new to the theater will really ruin it. Everything they know comes from google or facebook. It’s so sad.

MARTIN:

Sorry na po. Alam ko chaka iyong ginawa ko kaya niyo ko inaaward pero bet ko po talaga ang play na ito. Huwag niyo naman akong tsugiin po.

PHILIPPA:

Oh, God at kung magsalita. He can’t speak straight English, at least man lang magsalita ka ng matinong Tagalog!

CHRIS:

As long as nagkakaintindihan tayo, ano'ng masama doon?

ELISE:

O intractable brains! How is it that, in spite of the trouble we daily take, we cannot teach you to speak with congruity?

MARTIN:

Sensya na hindi ako intelligent gaya niyo.

PHILIPPA:

Oh, I can't take this!

ELISE:

I'm sure he doesn't even know Brecht, Chekhov, Ibsen, Williams, Miller, even Shakespeare!

MARTIN:

Kilala ko naman po si Shakespeare. Shakespeare po ang una kong play. Adaptation din.

ELISE:

Ano?

MARTIN:

Nakalimutan ko po iyong title pero iyon pong nag-suicide ‘yung mag-jowa.

PHILIPPA:

I can’t take this anymore. Either he leaves or you must find another actress to play Philaminte.

CHRIS:

Sige na, Martin. Umalis ka na lang.

MARTIN:

Seryoso?

CHRIS:

Kausapin mo na lang si Aries. Ok? Sige na. Para makapag-rehearse na kami.

*Aalis si Martin.*

CHRIS:

Umalis na siya. Ok na? Matino namang magtrabaho iyong bata at natutulungan si Aries. Very eager namang matuto tapos ganyan.

PHILIPPA:

Chris, there are some people who really can't be part of theater. I can't work if incompetent people who want to be a part of theater simply as a stepping-stone to do commercial work surround me. It's insulting to my talent, to the cast you have assembled, to your vision and artistry. I just can't work that way.

ELISE:

That's so true and I believe he's really not into the art of theater if he doesn't know its history, the classics.

CHRIS:

Ano'ng pakialam ko kung hindi siya theater major as long as nagagawa niya ang trabaho niya at may nakakatulong si Aries sa pag-stage manage ng production na ito na punong-puno ng kaartehan at ilusyon na ang gagaling ninyo!

PHILIPPA:

Are you angry? See. That's exactly my point. These people can really get to you. Para silang anay. All of a sudden magugulat ka na lang, sinisira na pala nila ang theater foundation mo. And we don't want that. We love theater so much to allow that, di ba?

ELISE:

I agree. Theater is the place we feed our mind. It feeds our soul, our art. And we don't want to have junk food to feed on.

CHRIS:

Feed you mind? Feed your soul? Baka kailangan mo nang mag-diet Elise. Overweight na iyong utak mo sa sobrang pagpapaka-intellectual. Sa ganyang pag-iisip mo, pakiramdam ko hindi ka na connected sa human race.

PHILIPPA:

Connection. I never liked that term ever since the era of the world wide web. Parang it lost it's true meaning.

ELISE:

I agree. There's no real connection anymore. It's all digital.

CHRIS:

Pwede ba?! Elise, kung titigilan mo ang meds mo magpasabi ka naman. Nababaliw ka na naman, e.

PHILIPPA:

What's wrong?

CHRIS:

Si Elise ang kausap ko. Look, matagal na kitang katrabaho at alam ko dependable ka. Kaya nga lagi kitang sinasama sa mga raket ko kasi okay ka naman pag naka-meds ka. Pero lately, hindi na kita masakyan sa iyong intellectual bullshit at mga delusional episodes. Diyos ko naman, Moliere ang ginagawa natin. Comedy. Hindi ko masakyan ang ginagawa mong being-being na attack sa role mo na kahit hindi pa tayo nagre-rehearse in character ka. Naka-gown ka pa. Hindi ka naman ganyan, e. Tapos wala ka ng ginawa kundi ang i-analyse bawa't linya, bawa't tuldok, at pati na rin kung anong klaseng bond paper ang ginamit sa pag-print ng script. Sa totoo lang, lahat naman ng analysis mo nabasa mo lang somewhere o narinig mo kay Philippa o kaya kay Tristan. Dati naman may sarili kang opinion pero ngayon, wala na akong narinig sa iyo kundi Stella Adler, Stanislavsky, Eric Morris, sense memory at kung anu-ano pa'ng bullshit. Acting is about acting. Hindi lahat kailangang pag-usapan, himayin. Tapos na tayo doon noong natapos ang reading. Gusto ko nang makita kung ano ang gagawin mo. Tutok na tutok ka sa bawa't gawin ni Tristan. Wala ka nang ginawa kundi purihin si Tristan. Sa kaniya mo yata nakuha iyang tungkol sa mga method method na iyan, e. Sa akin lang ha, sa akin lang naman, hindi siya magaling. Kahit pa maipaliwanag niya sa akin ang buong history, lahat ng exercises, at lahat ng theory sa likod ng mga exercises ng mga acting workshop na sinalihan niya kung hindi naman siya marinig at hindi makita ng audience sa dulong row, bale wala! Hindi ko nga alam bakit ako napapayag na i-cast siya. Lagi pang late at ang gulo ng schedule.

PHILIPPA:

Well, I stand by my opinion that he is a talented and very intelligent actor and he deserves to be in theater.

ELISE:

He really is. I've watched his film five times and kahit ten hours 'yung film, I still get blown away by how good he is. We're still in rehearsals and I can already see what he will bring to the character.

CHRIS:

Well, ako hindi ko pa makita.

PHILIPPA:

Makikita mo rin 'yun, Chris. For him to want to do a theater production kahit na he's already on the brink of becoming really famous must mean that he is really dedicated to the improvement of his craft. Give him more time. In fact, I think mas bagay sa kaniya 'yung role na binigay mo kay Andre. Why don't you try to switch them sa rehearsals ngayon? Maybe then, you'll see and understand why he is so celebrated as an actor.

CHRIS:

What?

PHILIPPA:

Think about it. I'm just looking at it from a point of view, not as an actress now, but as one of the producers. Mas lead iyong role ni Andre, di ba? And I think the audience would expect Tristan to be in that role. Just think about it. I'll just go out to review my script. Elise?

ELISE:

Let's discuss that scene again between Belise, Chrysale, and Philamente. As Elise, I think there should be a sort of double take when Chrysale delivers that long monologue. Parang dapa't masaktan ako and makita iyon sa eyes.

PHILIPPA:

No. Ang mas masasaktan si Philamente. Kaya dapa't si Belise, tumalikod at iyong reaction ko as Philaminte ang mas makita.

ELISE:

That's correct! Ang galing mo talaga. I'll try that. Iyong nakatalikod. What about my lines? Baka hindi marinig if I throw it sa upstage?

PHILIPPA:

Project. Or better yet, tanggalin na lang natin ang mga lines niya. Mandy, join us.

*Lalabas si Elise, Mandy at Philippa.*

ARIES:

San po pupunta sina Miss Philippa?

CHRIS:

Sana magpakamatay na sila.

ARIES:

Ay, tension?

CHRIS:

Gusto niyang magpalit ng role si Andre at si Tristan.

ARIES:

Hala! E mas maraming lines iyong Andre a. Teka, siguro nasabi niyo na mag-aabsent si Andre kaya?

CHRIS:

Ni hindi ko nga nabanggit. Bright idea na naman ni Philippa.

ARIES:

Pumayag ka sir?

CHRIS:

Wala akong sinabi.

ARIES:

Pero ano’ng sinabi niyo po?

CHRIS:

Ano’ng sasabihin ko kung ang sabi niya she is speaking as a producer and not as an actress?

ARIES:

Ayun tayo, e. Pwede ba’ng maging honest, sir Chris? Masyado kasi kayong mabait. Kayo kaya ang director ng play. Vision niyo dapa’t ang masusunod. Kung hindi niyo nakikita si Tristan para sa role na iyon, e bakit mo sila pagpapalitin ni Andre? Dapa’t sinabi niyo ‘yun na as a director, ayaw niyo iyong gusto niya. Bakit ba kayo takot kay Miss Philippa?

CHRIS:

Hindi naman sa takot. Ayoko lang kasi ng gulo.

ARIES:

Weh, takot kayo, e.

CHRIS:

Gusto mong sundan si Martin? Ma-fire din?

ARIES:

Pero bilib din naman siya sa iyo. Kailangan mo lang i-assert ang pagiging director mo, sir Chris. Iyon lang ang point ko.

CHRIS:

Kunsabagay, ilang productions na lagi na lang siyang nasusunod.

ARIES:

Tama.

CHRIS:

Kailangan ko na talagang sabihin sa kaniya na hello, ako ang director.

ARIES:

Korak.

CHRIS:

Wala dapa’t siyang pakialam sa mga creative decisions ko.

ARIES:

Sinabi mo.

CHRIS:

Trabaho ko ang decisions sa kung sino ang dapa’t sino sa kung anong role. Sa kung sino ang papayagan ko na mag-absent sa rehearsals.

ARIES:

Ganu’n nga.

CHRIS:

Sabihan mo si Andre dapa’t drop books siya ngayon. Hindi ko hahayaan na magkaroon si Philippa ng dahilan para ipilit si Tristan sa role ni Andre.

ARIES:

Sasabihin ko na ngayon din.

CHRIS:

Ako ang director at ako ang massunod.

ARIES:

Ganyan nga! Company call!

## *IKALAWANG YUGTO*

*Lalabas si Aries, Aalis si Aries. Mabilis na magpapalit ng damit bilang Buddy. Papasok sina Philippa, Elise, Mandy at Rita. Darating si Tristan kasama ang PA niya na si Buddy.*

TRISTAN:

Sorry direk, I'm late. Masyado tumagal 'yung press con kanina. Alam mo naman, I really have to entertain the press.

PHILIPPA:

Tristan! How are you?

TRISTAN:

Okay naman po.

PHILIPPA:

I'm so excited to rehearse. You know what, pag nakikita kita delivering lines during rehearsals, I'm so amazed. The technique you have in putting the emotions sa bawa't word. Actually, lalo na kapag walang words. Ramdam na ramdam ko.

MANDY:

Ibang klase. As in.

ELISE:

That's really what theater acting should be.

PHILIPPA:

Kaya, Chris, simulan na natin. Aries? Where's Aries? Ano'ng scene tayo magsisimula? Aries?

*Titingnan ng lahat si Buddy.*

BUDDY:

Ay shit, ako din 'yun. Iyong script mo, Tristan.

TRISTAN:

Thank you. Doon ka na muna sa car.

BUDDY:

Opo.

*Aalis si Buddy. Babalik sa suot niya bilang Aries.*

CHRIS:

Let's do Act Two, scene ten.

PHILIPPA:

O, san ka pupunta Rita?

RITA:

Hindi ako kasama sa scene na iyon, e. Tawagin ko lang si Andre.

PHILIPPA:

Mag-stay ka. You should watch the rehearsals kahit hindi mo scene lalo na iyong mga eksena ni Tristan. You will learn a lot. Makikita mo in action ‘yung inaral mong Stella Adler.

RITA:

Parang hindi naman masyadong bagay iyong ganoong technique kapag commedia del’arte ang play.

PHILIPPA:

That’s what you think. Kahit comedy or drama pa iyan, an actor should find the truth in the character. It’s a matter of how you get to the truth. That’s the work of an actor: to bring the truth from within the deepeset recesses of the soul and letting it flow through your heart before it gushes out from your mouth and eyes spraying the audience with a sudden illumination of what it is to be human.

CHRIS:

Aries!

ARIES:

Heto na po.

PHILIPPA:

I have a bright idea!

ARIES:

Eto na. Sir Chris?

CHRIS:

Can we just do the scene please?

PHILIPPA:

Hear me out.

ARIES:

Tandaan mo Sir Chris, ikaw ang director.

CHRIS:

What?

PHILIPPA:

Just to warm us up. Why don’t we watch lang muna Tristan perform that monologue sa scene 10? Para lang ready kami. Kasi if not, we might go out of character in awe of his talents, e?

CHRIS:

Fine.

ARIES:

Ligtas ka pa, Andre.

ANDRE:

Nasabi mo na ba?

ARIES:

Naman. Hindi ‘yun, e. Mamaya na lang.

TRISTAN:

I want to try several attacks doon sa monologue. Tell me direk kung ano’ng gusto mo.

ELISE:

Amazing.

MANDY:

I have to take notes.

TRISTAN:

Parang gusto ko kasing gawing very romantic ‘yung first lines. Kasi si Trisottin, may certain romantic quality sa kaniya na parang bawa’t words is all about love. And siguro gagawin ko is to look at each one of the characters na kasama sa scene to make them feel na sila lang ang kausap ko. Tapos pagdating du’n sa dulo, siguro dapa’t close up sa mata ko –

CHRIS:

Close up?

TRISTAN:

Oh, shit sorry direk. I forgot. Hindi nga pala ito film. What if pumunta ako sa part na iyon sa audience para isa-isa nila makita ang eyes ko?

ANDRE:

Three hundred ang capacity ng theater. Ilang seconds mo titingnan bawa’t isang audience?

TRISTAN:

I think enough na para maramdam nila ang mga 20 seconds each?

ANDRE:

Tapos na ang act two.

PHILIPPA:

That is so brilliant! It’s great that you have ideas.

ELISE:

I’m… I’m… I’m so speechless. I can imagine it already ang impact no’n. Lalo na siguro kung shirtless ka.

MANDY:

Wow, ibang klase ‘yun. Maloloka ang audience. That will make our play so edgy. Sometimes talaga we really need nudity.

TRISTAN:

I can try that direk. Ngayon na?

*Magsisimulang magtanggal ng shirt si Tristan. Titili si Elise at si Mandy.*

CHRIS:

Sandali! Pag-isipan ko. For now, can you just do the monologue as is?

TRISTAN:

Ok direk. Just give me a few seconds para makapag-internalize ako.

ARIES:

Actor's cue.

TRISTAN:

Ha! Ha! *(Magvovocal exercises at animal exercises)* Action!

*Matitigilan ang lahat habang tinitingnan ni Tristan ang bawa't isang character. Matagal.*

PHILIPPA:

He is so intense.

ELISE:

I can feel him.

MANDY:

Ungh.

TRISTAN:

Line?

ARIES:

Ang angkin mong talino na tila mahimbing sa pagkakaidlip, bubulusok, kung may angking bait –

TRISTAN:

Ok. Ok. Got it.

*Uulitin ni Tristan ang kanyang internalization.*

TRISTAN:

Ang angkin… Wait lang direk, medyo hindi ko maintindihan iyong translation kaya I'm having difficulty in delivering the lines. Plus iyong intention niya kaya sinasabi niya iyong mga lines na iyon. As a character, why would he say those lines?

CHRIS:

Kasi nakalagay sa script. Pakigawa na lang.

TRISTAN:

Sige po direk.

ARIES:

Ang angkin mong talino na tila mahimbing sa pagkakaidlip…

TRISTAN:

Thank you. Got it. (*Hahanapin ang “kamera”, titingin doon na parang ang daming sinasabi ang mata at pagkaraa’y babanggitin ang linya pero sobrang hina)* Ang angkin mong talino na tila mahimbing sa pagkakaidlip…

MANDY:

Hayop.

ELISE:

Ang angkin mong talino…

ANDRE:

Narinig mo ba?

RITA:

Nagsalita ba siya?

ELISE:

Hindi ako makahinga. Ang galing. It’s indescribable! The way he does it, it’s like he pierces your entire soul with the emotion he’s sending as he delivers the lines. Kinikilabutan pa rin ako, look, o.

MANDY: *(nagnonotes)*

Tumingin sa left tapos with a deep sense of longing. Paano nya nagawa ‘yun?

CHRIS:

Pwedeng lakasan mo ang boses mo?

TRISTAN:

I’m just afraid direk na kapag nilakasan ko, mabingi iyong sound man. Sensitive kasi di ba ang mga lapel?

CHRIS:

Lapel?

TRISTAN:

Oh, shit sorry direk. I forgot. Hindi nga pala ito film. Teka, paano ako maririnig ng audience kung wala akong mic?

PHILIPPA:

Hijo, ang tawag doon sa theater, vocal projection. Chris, you have to teach him some of the technical aspects in theater acting. This is his first play kaya dapa't we help him out. Tristan, use your diaphragm to project your voice.

TRISTAN:

Oh I get it! Kaya pala kayo lahat sumisigaw when we rehearse. Akala ko overacting lang. It's like what I learned sa viewpoints acting technique.

MANDY:

Oh, you took viewpoints acting technique! That's so exciting. It really helped me. You know kasi, I'm also a dancer and it really helped me be strongly grounded and in tune with my body. Kaya nga, when I walk into rehearsals, I always explore using the 9 different viewpoints.

TRISTAN:

Ako din, it helped me a lot exploring… *(idedemonstrate bawa't isa with Mandy)* Architecture, Space, Shape, Choreography, Gesture, Tempo, Repetition, Reaction, and ano nga iyong last?

MANDY:

Duration. Iyong length –

CHRIS:

- of time na inaaksaya niyo ang oras.

PHILIPPA:

Chris, it’s never a waste of time to explore the possibilities of what you can do with a role. I think nga that it’s good that we get to be refreshed sa different acting techniques that Tristan is so generous to share with us.

ELISE:

It is important to be adept at the different acting techniques so that we can portray the characters we play with utmost sincerity. Hindi enough that we just know Stanislavsky –

MANDY:

Meisner!

TRISTAN:

Philip Morris!

PHILIPPA:

Hijo, Eric Morris. Or Strasberg and Adler! I have a brilliant idea!

ARIES: *(Kay Andre)*

Eto na.

ANDRE:

Ano ba ‘yun?

PHILIPPA:

I think it will help us a lot if we discuss the kind of technique that we should be using for this play para naman masabayan natin si Tristan sa kaniyang ginagawa. Tama di ba? We should all be on the same page para naman mas strong ang ensemble natin, para clear ang bawa’t characters.

ARIES: *(kay Andre)*

Ligtas ka pa rin.

ANDRE:

Ano ba kasi iyon?

ARIES:

May brilliant idea kasi si Miss Philippa kanina na –

PHILIPPA:

And we should try na mag-switch ng roles -

ELISE:

Ako si Henriette! Ako si Henriette!

PHILIPPA:

Hindi ikaw, perfect ka as Elise lalo na if you don’t speak. Like for example I think, Tristan should play the role of Clitandre.

ANDRE:

Role ko iyon, a.

TRISTAN:

Ok lang sa akin iyon. I’m willing naman to do anything to make our production really good. I can take my shirt off.

ANDRE:

Sir Chris? Pero memorize ko na iyong mga lines.

PHILIPPA:

All the more na dapa’t you should try something new. Kapag memorized kasi nawawala ang freshness, hindi nagiging in-the-moment.

TRISTAN:

That's true. According nga kay Meisner, an actor must follow his instincts and be spontaneous on stage.

ELISE:

Amazing. You are so real and so in tune with your craft, Tristan. I wish everyone were like you.

TRISTAN:

I wish everyone were like you.

ELISE:

Really?

TRISTAN:

Really?

ELISE:

Nililoko mo naman ako.

TRISTAN:

Nililoko mo naman ako.

ELISE:

Stop it.

TRISTAN:

Stop it.

ELISE:

Stop.

TRISTAN:

Stop. I really love repetition exercises in Meisner. It really gets me into the moment. Naramdaman mo iyong connection natin? It’s so honest, di ba?

ANDRE:

Pero sir Chris –

PHILIPPA:

Naku naman, Andre! Why are you being so difficult?

ELISE:

Besides you’re quitting naman, di ba?

PHILIPPA:

Quitting? How dare you?!

ANDRE:

Hindi ako magki-quit!

MANDY:

Kayo ni Rita, di ba?

RITA:

Okay na schedule. Hindi kami magki-quit. May absent lang kami next week kasi nga callbacks.

PHILIPPA:

And you allowed this Chris? This insult, this impudence, this effrontery!

CHRIS:

Isang araw lang naman and hindi pa natin tech week.

PHILIPPA:

Ewan ko sa iyo. But this is unforgivable. You can only be absent sa theater when you’re dead or dying. Tapos to be absent because may callbacks. Callbacks saan?

RITA:

Iyong pong musical na gagawin ng Atlantis.

PHILIPPA:

A, ang colonial minded na production company na iyan. Another Broadway production! Ho-hum. But I do love their production of La Cage.

RITA:

Sa 9Works po ang production na 'yan.

PHILIPPA:

Hindi ba pareho lang 'yun? Anyway, ayoko nang magsalita. So, if you two are quitting, why are you prolonging the agony of staying here?

ANDRE:

Hindi nga po kami magki-quit.

PHILIPPA:

Then you won't mind na magpalit kayo ng role ni Tristan. Well, it's just an idea. I think it's a bright idea. Pero ano ba naman ako kundi isa lamang highly-respected actress and co-producer ng play na ito. Wala akong right to suggest anything. I'm just a mere pawn in your vision for this production. I just feel so sad. I always thought that theater is all about collaboration.

CHRIS:

Sige na! Oo na. Try na natin. Sige na, Andre. Try lang natin. Let’s do the scene ninan Clitandre, Henriette and Trissotin. Ikaw mag-Trissotin, Andre. Try mo iyong attack na ginagawa ni Tristan.

ANDRE:

Seryoso?

CHRIS:

Oo. Seryosong seryoso.

PHILIPPA:

Very well! I’m so glad that it’s all settled then! Now, this is what theater collaboration is all about. I mean, don’t you love it when there’s an exchange of ideas in the process of creating theater? You know, I’m really interested to do devised theater. Usong uso iyan ngayon. Devised theater! It’s such a wonderful term.

ELISE:

That’s so true. I really like devised theater kasi very actor-centric. Actors contribute a lot to the creation of the material.

CHRIS:

Kasi walang script.

ELISE:

It allows us to utilize improvisational techniques ni Spolin. Have you tried that Tristan?

TRISTAN:

I haven’t.

ELISE:

Magugustuhan mo iyon kasi it uses theater games to make you more spontaneous.

MANDY:

It has many physical games kaya gusto rin nu’n. Alam mo kasi I’m a dancer and I’m so comfortable with my body kaya I can really do those mirror and animal games. Try natin, maghubad tayo pareho.

ELISE:

Ay naku Mandy, parang gusto kitang spontaneously na sampalin!

MANDY:

Sige lang. At since devised theater, gusto mo i-devise ko din iyang face mo?

PHILIPPA:

Ang daming gumagawa ng ganiyan. Devised theater. Ang sarap kasing ilagay sa poster at sa publicity. Laging ginagagawa iyan ng Sipat-Lawin Theater. Hindi ko lang maintindihan ang mga play nila. At usong-uso ang devised theater sa mga festivals. Like Labfest.

ELISE:

I love labfest. When artists get together, there is such an energy. Maybe dapa’t isali natin sa labfest ang play natin! It’s so avante-garde, so deep with meaning naman kaya babagay.

MANDY:

Pero dapa’t siguro lagyan natin ng mga movement. Iyong very intense. Gaya ng ginagawa sa Suzuki technique. It makes you so grounded and in touch with your center. It’s easy for me kasi nga I’m a dancer and all those stomping will give our play an energy.

ELISE:

Exciting. Parang choregraphy ni Dexter Santos! Isali natin ito sa festival! They’ll be blown away with the deep meaning and emotional core that wil be palpably felt -

*Parang mga hayop na gagalaw at papadyak paikot kay Tristan si Elise at si Mandy hanggang sa tumigil sila sa pagod.*

ANDRE:

Pwede magsimula na tayo?

TRISTAN:

Oh, yes please.

CHRIS:

Aries. Andre, basahin mo ‘yung Trisotin tapos Tristan basahin mo ‘yung Clitandre. Philippa, kasama ka sa eksena.

ARIES:

Page 44 po. Top of page.

ANDRE: *(Gagayahin si Tristan)*

May hatid akong mahalagang balita. Muntik na tayong magunaw habang natutulog tayo. Isang daigdig ang dumaan at bumulusok sa ating kalawakan. Kung ito’y bumangga sa ating mundo, madudurog tayong lahat na parang salamin.

PHILIPPA:

Ay! Ipagpaliban natin ang paksang ito’t pagusapan na lang sa ibang panahon pagka’t hindi niya ito mauunawaan. Ayon sa kanya, mas pinahahalagahan niya ang kamangmangan at kinamumuhihan higit sa lahat ang talino’t kaalaman.

TRISTAN:

Hindi naman iyan ang buong katotohanan. Hayaan mo, Senyora, na ipaliwanag ko ang aking sarili. Kinasusuklaman ko lang ang talino't kaalaman na labis na ginagagawang hambog at pasikat ang isang tao. Walang duda na mabuti naman ang talino't kaalaman nguni't mas pipiliin ko ang maging mangmang kesa matulad sa mga pretensyosong matalino na gaya ng ibang taong kilala ko.

ANDRE:

Para sa akin, kahit ano pang opinion ang sabihin ng kahit na sino, hindi ako naniniwala na nakakapretensyoso o hambog ang pagiging matalino.

TRISTAN:

Para sa akin, nakakatanga din ang pagiging saobrang matalino hindi lang sa salita pati na sa gawa.

ANDRE:

Napakatindi naman ng kabalintunaan na binitawan mo.

TRISTAN:

Madaling makahanap ng patunay. Ni hindi kailangang maging matalas, mawalan man ng katwiran, para makahanap ng mga halimbawa ng sinasabi ko. Madami.

ANDRE:

Bakit hindi ka kaya magbanggit ng halimbawa? Tingnan natin kung mapatunayan iyang sinsabi mo.

TRISTAN:

Hindi ko na kailangang lumayo.

ANDRE:

Wala akong nakikita.

TRISTAN:

Ay kitang kita ko nga. Halos mabulag ako.

ANDRE:

Naniniwala na ako ngayon na nakakatanga ang katangahan at hindi ang katalinuhan.

TRISTAN:

Nagkakamali ka. Maniwala ka sa akin na mas tanga ang matalinong ulol kesa sa walang alam na ulol.

ANDRE:

Nilalabanan mo ang sentido komon dahil ang ulol ulol.

TRISTAN:

Kung mabusisi ka sa salita, makikita mo na parehong ulol ang pakitang-gilas na matalino at ang likas na ulol.

ANDRE:

Ang likas na ulol halatang ulol.

TRISTAN:

Ang sobrang talino nakakaulol.

ANDRE:

Ang likas na ulol hindi maitatago.

TRISTAN:

Ang matalinong ulol walang hiya.

ANDRE:

Mahilig ka siguro sa mga tanga. Masyado mong dindepensa.

TRISTAN:

Kung nahilig man ako sa tanga dahil nakakila ako ng mga pretensyosong matatalinong tao gaya ng iba diyan.

ANDRE:

Iyang mga pretensyosong matalinong tao kapag nakilala mo ng husto maaaring mas mabuti pa kaysa sa mga taong gaya ng iba diyan.

TRISTAN:

Oo kung may iba diyan na gaya nga ng iba diyan na sinasabing iba diyan ng iba diyan.

PHILIPPA: *(Kay Tristan)*

Sa tingin ko –

ANDRE:

Ano na naman? Parang awa niyo na, tapusin na natin itong eksena. Hindi ba ito ang gusto niyo? Na magpalit kami ng role? Ano? Notes agad? Kakapalit lang namin. Alam naman na niya ang lahat ng technique sa buong mundo, kailangan pa ba niya ng notes?

MANDY:

Andre, huwag ka namang masyadong pikon. Mainit kaagad ang ulo mo. Naiintindihan ko kung ano iyang pinaghuhugutan mo. Gusto mo rin ba na mag-topless sa eksena?

ELISE:

Andre, hanggang sa entablado lang please.

ANDRE:

Ay, putangina!

PHILIPPA:

Andre, huwag ganiyan. Maganda ang mga discussion and analysis. To have your own opinion pero huwag naman personal. Kung sa facebook nga, maglagay ka lang ng status na kahit as normal as “feeling angry”. Marami na agad magrereact na galit ka sa karelasyon mo, sa barangay mo, sa gobyerno, sa buong mundo kaakibat ng kung anong trending na topic na pinagiinitan ng mga tao. Kaya please… no bad words.

TRISTAN:

Intense lang siguro si Andre kasi as an actor which is actually a good thing. Bagay ka rin sa film, pare. May hitsura ka naman. Tapos very in touch ka pa sa emotions mo. Masyado lang malaki. Pag dating sa camera, lalabas iyan na OA. You should try Philip Morris. Wow, I tell you, it will blow your mind.

ANDRE:

Ang dami mong alam. Panay kung anu-anong acting techniques niyayabang mo pero hindi ko naman makita sa performance. Ano’ng silbi niyan kung hindi mo naman mapapalitaw? Sorry pero hindi ko kayang maging polite sa harap ng ganito. Gusto ko lang umarte at hindi iyong walang katapusan na diskusyon. Tapos na iyon, e. Nag-analysis na tayo di ba? Hindi mo pa rin ba nakuha? Anong silbi ng galing mo sa

analysis, sa kung anu-anong attack na iyan, kung hindi rin naman natin gagawin na, iarte na? Ang hirap mong kaeksena pare, alam mo ba iyon?

TRISTAN:

Talaga? I will not take that personally. Pero maybe we can discuss it?

ANDRE:

Ay, leche! Kaya mas gusto ko ng musicals e. Hindi ko kailangang mag-isip masyado.

PHILIPPA:

Andre, masyado kang nagagalit. Naiinggit ka ba kay Tristan?

ANDRE:

Shit!

*Magwo-walk out si Andre.*

RITA:

Andre!

PHILIPPA:

How rude! Never in my years in theater. Tristan, I hope this won’t ruin your first experience in theater.

MANDY:

Sabi ko na nga ba. Sabi ko na nga ba. Hindi niya kakayanin.

ELISE:

Mahirap talaga kapag unrequited. I understand him.

RITA:

Alam niyo… Ayoko kayong patulan.

MANDY:

Oh no! Huwag mong sabihin –

ELISE:

I can’t believe this. Rita, you must know the truth –

RITA:

Shut up!

*Aalis si Rita.*

ARIES:

Break muna, sir Chris.

CHRIS:

Bahala kayo. Sumasakit ang ulo ko.

ARIES:

Tawagin ko na muna iyong PM, gusto niyo? Ngayon daw ibibigay ang mga contracts ng actors e.

CHRIS:

Bahala ka. Magyoyosi muna ako.

*Lalabas sina Chris at Aries. Babalik si Aries bilang Vlad, may dalang mga contracts.*

PHILIPPA:

What are you doing back here? Didn’t I fire you?

VLAD:

Fired? Ako po si Vlad. Ang Production Manager niyo. Nandito ako para ibigay ang mga contracts niyo. Tristan, eto na ang contract mo.

PHILIPPA:

Oh, I forgot. Everything’s ok, di ba Vlad?

VLAD:

Opo.

*Aalis si Philippa. Iaabot ni Vlad ang contract kay Tristan at kina Elise at Mandy.*

TRSITAN:

Wow! I didn’t expect this. Hindi nasabi ng manager ko. Full contract ba ito o half contract lang?

VLAD:

Tristan, sa pelikula lang iyon at sa TV. Per show iyan.

TRISTAN:

Wow! Per show? Malaki pala magbayad din ang theater. Sabi pa naman ng manager ko, mababa daw.

VLAD:

Mababa nga.

TRISTAN:

Well, that’s true mababa nga ang 12 thousand per show compared sa taping. At least, we have twelve shows kaya oka na din.

VLAD:

12 Thousand per show? Basahin mo ulit. Total na iyong 12 thousand para sa lahat ng show.

TRISTAN:

Wow. Excuse me. Kausapin ko lang ang manager ko.

*Lalabas si Tristan.*

VLAD:

Nasaan sina Andre at Rita?

MANDY:

Lumabas.

ELISE:

And I don’t care.

*Lalabas si Vlad. Babalik si Tristan kasama si Buddy.*

TRISTAN:

Tawagan mo ng tawagan si Tito Ricky hanggang sumagot. Kailangan siya ang makipagusap sa PM. Hindi naman pwede iyong ganito.

BUDDY:

Natext ko na. Hindi sumasagot sa phone. Baka naman mali lang iyong nabasa mo sa contract.

TRISTAN:

Mali nga ang basa ko. Akala ko naman kasi. Sabihin mo tinanggihan ko iyong soap na regular ako dapa’t para dito.

BUDDY:

E di ba sabi ni Tito Ricky gawin mo ito kasi okay daw sa career mo?

TRISTAN:

I know. Pero naman. Naman, e. Tawagan mo ng tawagan.

BUDDY:

Tatawagan ko sa landline.

TRISTAN:

Landline? Mahina ang signal nu’n.

BUDDY:

Ha? Hahanap ako ng malakas ang signal.

*Aalis si Buddy.*

MANDY:

May problem ba Tristan?

TRISTAN:

No. Wala. Okay lang ako.

ELISE:

I think it really works better that you play Clitandre. Kasi the character is romantic. Kuhang kuha mo. Trisottin kasi is a pretentious boor. It is so unlike you.

MANDY:

Saka masama iyong character kasi hindi ba sa ending, noong nalaman niya na wala ng pera ang family bigla na lang niyang iniwan pagkatapos niyang ligawan ng husto si Henriette.

ELISE:

Samantalang si Citandre, talagang mahal niya si Henriette at hindi nagbago ang pagtingin niya. He is such a true character.

TRISTAN:

A ‘yun pala ang kuwento nitong play. You really enjoy doing theater ano?

MANDY:

Oo naman. It makes me feel alive.

ELISE:

It is the love of my life.

TRISTAN:

Bakit hindi kayo mag-film?

MANDY:

Hindi talaga ako interested. I know it’s another form of art where my acting abilities can be showcased pero my heart is not in it.

ELISE:

Hindi kasi siya nakakapasa sa mga auditions.

MANDY:

I only audition to have the experience. Wala akong intention to make a career out of it. Unlike iyong iba diyan, may illusion na eventually they will have a career in film. Na sila ang magiging next Angeli Bayani.

ELISE:

I've tried it. Yes. But it's really not for me. It's a different technique altogether.

MANDY:

Ang laki kasi ng tinataba niya sa big screen kaya panay mother, katulong roles ang bumabagay sa kaniya. Parang the next Angeli Bayani.

ELISE:

Ikaw talaga mapagbiro. I really love her.

MANDY:

And I love you to death!

*Babalik sina Rita at Andre.*

RITA:

Paano na 'yun?

ANDRE:

Kailangan nating pumili.

RITA:

Bakit naman kasi sobrang sagasa noong sched? Sa mismong shows pa nito.

ANDRE:

Hindi ko alam.

RITA:

Tapos hindi na natin kailangang bumalik sa callbacks.

MANDY:

Hindi na kayo kasama sa callbacks? Oh, I'm so sorry. Well, there's always a next time.

ANDRE:

Hindi na kami pinapapunta sa callbacks kasi cast na kami.

MANDY:

Ganu'n? Congratulations.

ELISE:

O, ayan, Andre. You should be happy na. I'm so happy for you.

RITA:

Alam niyo. Mga plastic kayo, e.

ANDRE:

Rita.

RITA:

Mga plastic na kayo, ang hilig niyo pang mag-assume. Inggit ba kayo?

ELISE:

The nerve.

RITA:

Sorry pero hindi ko na kayang makipagplastikan sa inyo. Ang dami dami niyong pahaging. Ang dami niyong mga satsat pero hindi naman kayo makapagsabi ng derechahan. Hindi niyo magawang makipag-prangkahan. Akala niyo hindi ko nakikita iyong mga post niyo sa FB. Na ako ang tinutukoy niyong wannabe theater actress?

MANDY:

Rita, lumilitaw ang pagka-paranoid mo.

ELISE:

Ayokong pumatol sa ganito. Nakakahiya kay Tristan.

RITA:

Wala akong paki. Hirit kayo ng hirit tungkol sa truth in acting, pero hindi niyo magawang maging truthful. Kaya niyo ba 'yun? Ako kayo ko kasi pikon na ako sa inyo. Ikaw, Mandy, napaka-bitter mo at assuming ka agad na may gusto pa rin sa iyo si Andre. Oo, Andre, feeling niya may gusto ka sa kaniya kasi nga nagsama kayo sa Miss Saigon, nung grade two! Get over it! At ikaw naman, Elise, ilusyonada ka. Feeling mo ka-level mo si Miss Philippa. Oo ka-level mo sa pagka-ipokrita. Gaya gaya ka lang naman at wala ni katiting na original na idea na galing sa iyo. At ikaw, Tristan… Ang pangit mong umarte. Ang hirap mo kaeksena. Hindi kita marinig. Tapos hindi ka ba marunong kumonek sa co-actor mo? Tingnan mo naman ako sa mata. Alam ko, sikat ka. Pero paki ko. Sayad mo naman iyang paa mo sa lupa. Ang taas ng lipad mo, e. At si Miss Philippa, hindi ko maintindihan kung bakit -

*Darating si Chris at Philippa.*

PHILIPPA:

Bakit ano? Hindi mo maintindihan kung bakit ano? Go on. Say it, Rita.

CHRIS:

Rita, easy lang.

PHILIPPA:

No, Chris. Hayaan mo siyang magsalita. Let her get it out of her system.

RITA:

Wala po.

PHILIPPA:

What? That I am such a bitch? Ano pa ba ‘yung mga terms? Diva? Demanding? Ipokrita? Pretensyosa. Kulang pa ba?

CHRIS:

Philippa, hindi kailangan.

PHILIPPA:

No, Chris. Minsan kailangan din. What else pa, Rita? Na hindi mo maintindihan kung bakit parang sunod-sunuran si Chris sa akin? Well, let me tell you. Because the bottomline is, I deliver. Kahit gaano pa ako ka-gaga, kahit gaano pa ako ka-luka luka. I deliver. I work. I study my lines. I study my character. I deliver. I come on time. I keep to my schedule. At hindi ako nagsasabay ng mga raket when I do theater. Siguro, mukhang wala akong respeto sa director ko or I’m too full of myself but don’t ever think that I don’t have respect for the theater. Because that’s what theater is. You love it but it will never love you back. So you pretend that it does. But it will hurt you again and again. But you go back to it because you love it. It will take everything you have and you will give everything whole-heartedly because why? You know why? Because nothing can ever compare to what it feels like to be on stage. Because it was a choice you have

made the moment you felt it. Because you enjoy it. So, I don’t mind you telling me frankly what you think. It’s about time that you did.

*Darating si Buddy.*

BUDDY:

Tristan! Tristan! Na-contact ko na si Tito Ricky. Dali bago mawalan ng signal.

TRISTAN: *(sa phone)*

Hello. Tito Ricky. Binigay na iyong contract. Ano ba ang usapan niyo?

ANDRE:

Sir Chris. May problema iyong schedule namin ni Rita. Nagtext na sa amin and hindi na daw kami kailangan bumalik sa callback.

CHRIS:

Ano’ng problema du’n?

RITA:

Cast na kami and binigay na iyong schedule ng rehearsals. Tatama po sa tech week natin and sa opening.

CHRIS:

Choose.

TRISTAN: *(Sa phone)*

So ako na ang magsabI?

CHRIS:

Ganu’n lang ka-simple. Choose.

ANDRE:

Ang hirap naman ng ganoon sir Chris.

CHRIS:

Hindi mahirap ‘yun Andre.

RITA:

Pareho po naming gustong gawin.

CHRIS:

Then choose. You think theater is fair. Never naging fair ang theater. Parang buhay lang iyan. Ano iyong sabi ni Stella Adler mo, Rita? Growth as an actor and as a human being is synonymous. Kuha mo iyon? Lagi nating naririnig na ang teatro ay parang totoong buhay. All the world's a stage, and all the men and women merely players. They

have their exits and their entrances, and one man in his time plays many parts. Kaya choose. You talk about acting choices, bakit hindi natin itulad iyon sa life choices? Wala namang pinagkaiba. Ang choices mo sa acting hindi ba lilitaw sa bawa't linya, sa bawa't gawin mo sa entablado. Ganu'n din sa life. Kung paano ka magdesisyon sa buhay, kung anong choices ang ginawa mo, panindigan mo. Ano iyong sabi ni Meisner, it's alright to be wrong but it's not alright to not to try? Totoo. Pero mahirap din yung try lang ng try. Choose. And once you do, panindigan mo. Pinili mo e. Hindi ka naman pinilit. You choose and panindigan mo ang choices mo tama man o mali ang naging resulta. Hindi yung magiging bitter ka dahil mali ang choice mo, o magiging delusional ka trying to make yourself believe otherwise, or yung mamatain mo ang choices ng iba. Choose. Parang life lang iyan. Madaming choices. Kailangan mo lang gawin, choose.

TRISTAN:

Excuse me, direk. I have to be honest, ano? I am so inspired by your speech. It's so inspiring. Kaya I am so inspired to make a choice.

CHRIS:

About what? 'Yang attack mo sa role mo?

TRISTAN:

No. About the play. Parang may conflict din ako sa schedule kasi magiging regular ako doon sa bagong soap. I feel so bad. But ayoko naman kayong bitinin. I talked na to my manager and we think na dapa't hindi pa siguro time na mag-theater ako. I'm so sorry. I

love pa naman talaga the working atmosphere here. And you’re all so great for helping me out and making me feel at home. Pero I have to make a choice. Kaya sorry. You’re all so great. Bye, guys.

*Aalis si Tristan at si Buddy. Magbibihis siya at babalik bilang si Aries.*

ARIES:

Anyare?

CHRIS:

Kulang tayo ng actor. Ano, Philippa, cancel na lang natin?

PHILIPPA:

Why? Makakapagbayad naman ako. It’s not as if mahina ang marketing person ko. And besides we’re not doing a Shakespeare tragedy.

CHRIS:

Kayong dalawa?

ANDRE:

Ako na ba ulit si Clitandre?

CHRIS:

Oo. So, hindi ka magki-quit?

ANDRE:

Hindi. Text ko na lang iyong kabila na hindi ko magagawa iyong musical.

PHILIPPA:

And you, Rita?

MANDY:

I can do it! Alam ko iyong mga lines.

CHRIS:

Rita?

RITA:

I'm staying.

CHRIS:

So, wala na lang tayong Trisottin.

ARIES:

Sir Chris, pwede ba ako mag-rekomend?

CHRIS:

Sino?

ARIES:

Medyo memorized naman na niya ang role kasi kapag nakikipag-line throwing siya.

CHRIS:

Sino?

ARIES:

Teka lang. Tatawagin ko.

*Lalabas si Aries, magbibihis para maging si Martin.*

PHILIPPA:

Chris, it’s almost 10.

CHRIS:

Tingnan lang natin itong sinasabi ni Aries and company call na tayo.

*Darating si Martin.*

PHILIPPA:

Ikaw?

MARTIN:

Subok po. Alam ko naman na po ang mga lines… *(Sasabihin ang linya ng taos-puso at tama sa “character”)* Kung nasaktan man kita, hindi ko magagawang tumigil dahil walang hanggan ang pag-ibig ko sa iyo. Walang makakapigil sa kaniyang pagbulusok at bagama’t sinusumpa ng kagandahan mo ang aking pagpupunyagi, hindi ko matatanggihan ang pagpupumilit na tibok ng aking puso na walang hanggad kundi ang idulot sa iyo ang wagas na kaligayahan sa sandaling makamtan ko ang iyong matamis na pag-oo… Ok po ba?

CHRIS:

Pag-isipan ko. I’ll decide tomorrow. Nasaan na si Aries? Okay, thank you, Martin.

MARTIN:

Yes!

*Aalis si Martin. Babalik bilang Aries.*

CHRIS:

Company call. Schedules.

ARIES:

Same time po bukas. Tapos papasok na po tayo sa theater next next week. Drop books na po sana next week, Monday. Runthrough din iyon ng act one. Thank you po.

CHRIS:

Okay, see you tomorrow.

*Aalis si Chris.*

ELISE:

Mandy, starbucks?

MANDY:

Mag-gym muna ako.

ELISE:

After ka na lang mag-gym.

MANDY:

Sige, decaf. You want to join pala the Shakespeare class.

ELISE:

Sino magtuturo?

MANDY:

Taga-Shakespeare academy daw. British.

ELISE:

I love Shakespeare. Sige. Dream role ko ang Juliet.

MANDY:

Pareho tayo.

ELISE:

Bagay sa iyo ang nurse.

MANDY:

Nurse? Hospital ba ang setting?

*Aalis sina Mandy at Elise. Susunod si Philippa.*

PHILIPPA:

Aries, paki-text sa akin iyong full schedule ha.

ARIES:

Opo, Miss Philippa.

*Aalis si Philippa. Tatango kina Andre at Rita bago umalis. Susunod sa kaniya si Aries.*

ANDRE:

Hindi ka pa aalis?

RITA:

Mag-review lang muna ako ng lines.

ANDRE:

Hindi mo ba pinagsisisihan ang choice natin?

RITA:

Hindi. Siguro. Ewan ko.

ANDRE:

Hirap ‘no?

RITA:

Ano pa?

ANDRE:

See you tomorrow.

RITA:

See you. Ingat.

ANDRE:

Bye.

*Aalis si Andre. Maiiwan si Rita. Bubuksan niya ang kaniyang script. Magsisimulang sabihin ang mga linya na tila nagmememorya. Pagdating sa dulo magiging "performance level" na ang kaniyang pagsasabi ng linya na tila nahanapan niya ng mas personal na dahilan ang pagsasambit ng mga salita.*

RITA:

Ang puso ko'y nakatali sa mas una kong minahal at hindi ito maaantig ng iyong paghanga't atensyon. Deretso ko itong sinasabi sa iyo at alam kong hindi ka naman masasaktan. Bale wala lang sa iyo sa dami ng humahanga't umiibig sa iyo.

Umuusbong ang pag-ibig hindi dahil sa pagsuyo o sa mga papuri. Kadalasan, umuusbong lang ito ng basta, ng walang dahilan. Kung susundin ko ang katwiran at ang isip, susundan kita. Sa iyo ako pupunta. Magiging sa iyo ako. Pero hindi katwiran at isip ang mapagpasya sa pag-ibig.

Pabayaan mo na lang ako. Pabayaan mo ako dahil bulag ako. Alam ko na mas marami kang maibibigay sa akin, na mas marami kang magagawa para sa akin. Pero dahil bulag ako sa mga bagay na iyan, hindi ko magawang mahalin ka. Kahit mas madalas akong masaktan ng minamahal ko, kahit paulit-ulit pa niya akong paiyakin, kahit pabayaan niya ako't balewalain, hindi ko magagawang iwan siya. Siya pa rin ang pipiliin ko. Dahil siya ang mahal ko. Hindi ko maipaliwanag. Hindi ko mabigyan ng dahilan. Hindi ko mabigyan ng katwiran. Basta iyon ang nararamdaman ko. Siya ang mahal ko. At sa kaniya ako. Sa kaniya lang. Siya at siya lang ang pipiliin ko.

*Unti-unting bubukas ang house lights at magliliwanag kung saan naroon ang manonood habang dumidilim sa entablado.*